**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## Ikatlong Markahan – Modyul 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Agnes I. Dumapit
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Agnes I. Dumapit
**Tagasuri ng Nilalaman:** Elvira F. Siason
**Tagasuri ng Wika:** Gina B. Valdez
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# NELSON MANDELA: BAYANI NG AFRICA
# (Talumpati mula sa South Africa) Isinalin sa Filipino ni Roselyn T. Salum

## INAASAHAN

Sa pagtatapos ng pag-aaral sa SLeM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naipapaliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan (F10PN-IIIf-g 80)
2. Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda (F10PB-IIIf-g-84)
3. Nagagamit ang mga angkop na tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe (F10WG-IIIf-g-75)

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat katanungan at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat katanungan at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay pagpapahayag ng sariling opinyon, kaisipan, at ideyang binibigkas sa harap ng maraming tao.
   A. Tula B. Talumpati C. Sanaysay D. Balagtasan

*2.“Ang espiritwal at pisikal na kaisahan na ating ibinabahagi sa lupaing ito ay nagpapaliwanag sa lalim ng sakit na dala-dala ng ating mga puso sa tuwing makikita natin ang ating bansa na nalulugmok sa di pagkakasundo, at sa tuwing makikita natin ang pagtanggi, ang paglaban sa batas at paghihiwalay ng mga tao sa mundo, ito ay dahil sa naging pambansang batayan ang nakamamatay na ideolohiya at pagkakaroon ng rasismo.*

*Salin mula sa talumpati ni Nelson Mandela*

Ang rasismo na binanggit sa bahagi ng talumpati na iyong binasa ay nangangahulugang _________.
   A. pagtanggi at paglaban sa batas
   B. pakikipag-unahan ng bawat bansa sa pag-unlad
   C. malalim na sakit na dala-dala ng ating mga puso
   D. hindi pagkakapantay-pantay na pagtingin sa magkaibang lahi

3. Ito ang epekto ng pagkakaroon ng nakamamatay na ideolohiya at rasismo.
   A. pagtanggi sa rasismo
   B. pagkalugmok ng sarili
   C. espiritwal at pisikal na kaisahan
   D. paghihiwalay ng mga tao sa mundo

4. Ang isa sa maaaring maging dahilan ng pagkalugmok ng isang bansa ay ang ______
   A. pagpapahirap sa mga mayayaman
   B. pagkakaroon ng malupit na pinuno
   C. pagpapairal ng kontraktwalisasyon sa mga manggagawa
   D. di pantay na pagtingin sa mga mamamayang iba- iba ang estado sa buhay

5. Ang talumpati ay isang uri ng sanaysay na binibigkas. Alin sa mga sumusunod ang isa pang uri ng sanaysay?
   A. Lathalain B. Nobela C. Talambuhay D. Tula

6. Ito ay tiyak na ipinapahayag ng isang tao. Ito ay ginagamitan ng bantas na panipi (" ") upang ipakita ang eksaktong sinasabi ng isang partikular na tao.
   A. Di- Tuwiang pahayag
   B. Tuwirang pahayag
   C. Talumpati
   D. Balangkas

7. Maaari ring gumamit ng paksa o pangungusap. Sa anyong salita o parirala, hindi ito ginagamitan ng bantas. Madali nitong mailahad ang maikling kabuoan ng paksang tatalakayin.
   A. Talata B. Balangkas C. Sanaysay D. Nobela


8. Sa pahayag na ito binabanggit lamang muli kung ano ang sinabi ng isang tao. Ginagamitan ito ng pariralang pang-ukol.
   A. Di-Tuwirang pahayag
   B. Tuwirang pahayag
   C. Talumpati
   D. Balangkas

9. <u>Inaakala ko</u> na manghihina ang kaniyang katawang pisikal at espiritwal subalit nanatili siyang matatag at nakakapit sa Diyos. Ang mga salitang may salungguhit ay nagpapahiwatig ng ___________.
   A. paghihinuha
   B. paglalarawan
   C. panghihikayat
   D. pangangatuwiran

10. Alin sa mga pahayag ang naglalahad ng damdaming nagbababala?
   A. Tara, punta tayo roon.
   B. Hindi kita iiwan, pangako iyan.
   C. Huwag kang basta-basta magtiwala, ikaw rin.
   D. Makabubuting ipagpaliban mo muna ang iyong pag-alis.

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Sa pamamagitan ng *Venn Diagram*, magbahagi ng **Pagkakatulad** at **Pagkakaiba** ng Nobela sa Sanaysay. (10 puntos) 5-Pagkakaiba at 5-Pagkakatulad.




## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Iyong basahin at unawaing mabuti ang talumpati ni G. Nelson Mandela na binigkas niya noong Mayo 10,1994 nang siya ay pasinayaan bilang pangulo. Naging daan ang panitikan partikular na ang sanaysay o talumpati sa paglalahad ng pagnanais ng kalayaan ng kanilang bansa. Sa talumpati ay naihayag din niya ang pagkauhaw sa kalayaan, karapatan, at katarungang naging bahagi na ng kanilang buhay at ng kanilang kultura.

- Maaari ring ipabasa ito sa magulang o natatanda.

**Nelson Mandela: Bayani ng Africa**

Isinalin sa Filipino ni Roselyn T. Salum

Sa mga kapita-pitagan, kataas-taasang mga panauhin, mga kasama, at mga kaibigan…Ngayon, lahat tayong naririto ay pagkalooban nawa ng pagpapala at pag-asa sa kasisilang na kalayaan gayundin naman sa mga nagdiriwang sa iba pang bahagi ng mundo. Mula sa mga karanasang di-pangkaraniwang kapahamakan ng tao na namayani nang matagal, isisilang ang lipunang ipagmamalaki ng sangkatauhan.

Ang ating mga nagawa bilang ordinaryong mamamayan ng Timog Africa ay kailangang magbunga ng tunay na mamamayang magpapalawak sa paniniwalang sangkatauhan sa katarungan, magpapalakas sa tiwala sa kadakilaan ng kaluluwa, at magtutustos sa lahat ng ating pag-asa sa kapakinabangan ng buhay ng lahat. Ang lahat ng ito ay utang natin sa ating mga sarili at sa mga taong naririto ngayon. Sa aking mga kababayan, wala akong alinlangang sabihing ang bawat isa sa atin ay

kasinlapit ang puso sa lupa ng napakagandang bansang ito, sa tanyag na puno ng jacaranda sa Pretoria, at sa mga puno ng mimosa.

Sa bawat oras, bawat isa sa atin ay dadamhin ang lupang ito, mararamdaman natin ang pansariling pagbabago. Ang kalagayan ng bansa ay magbabago tulad ng panahon.Tayo ay kumilos nang may kaligayahan at kagalakan sa paglunti ng kinabukasan.

Tayo, ang mga mamamayan ng Timog Africa, ay nakadama ng kapayakan nang ibinalik sa sangkatauhan ang pagkakaibigan. Tayong pinagkaitan ng batas kamakailan lang, ay binigyan ng bihirang pribilehiyong mamahala sa mga bansa sa sarili nating lupain.

Pinasasalamatan namin ang aming mga pinagpipitaganang panauhin sa pagparito upang angkinin, kasama ang mamamayan ng aming bansa, ang tagumpay para sa katarungan, para sa kapayapaan, at para sa dignidad. Naniniwala kaming ipagpapatuloy ninyo ang pagtulong sa amin sa pagharap sa mga pagsubok sa pagbuo ng kapayapaan, kaunlaran, pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae, walang diskriminasyon sa lahi, at demokrasya. Malugod namin tinatanggap ang tungkulin na ang aming mamamayan at ang kanilang kalayaang politikal, pananampalataya, kababaihan, kabataan, negosyo, tradisyunal, at mga pinuno na isagawa ang kongklusyong ito. Hindi mawawala riyan ang aking Second Deputy President, ang Kagalang-galang na si F. W. de Klerk.

Pinasasalamatan din namin ang lahat ng bumubuo sa hukbong panseguridad sa pagganap sa kanilang tungkulin na pangalagaan ang ating unang malayang eleksiyon at ang transisyon sa demokrasya, mula sa “hukbong uhaw sa dugo” na nagaalangan pa ring makakita ng liwanag. Ang panahon para sa paghilom ng sugat ay naririto na. Ang panahon upang pag-ugnayin ang pagkakaiba-iba ng opinyon na nagiging dahilan ng pagkakahati-hati ay dumating na. Ang panahon upang bumuo ay nasa atin na.

Sa wakas ay naabot na natin ang emansipasyon sa politika. Nangako tayong palalayain ang ating mamamayan sa kahirapan, kakulangan, pagdurusa, kasarian, at iba pang diskriminasyon. Nagtagumpay tayo sa ating huling hakbang sa pagkakaroon ng kapayapaan. Itinalaga natin ang ating sarili sa pagbuo ng kumpleto, makatarungan, at panghabambuhay na kapayapaan.

Tayo ay nagtagumpay na magtanim ng pag-asa sa milyon-milyong mamamayan. Pumasok tayo sa kasunduan na bubuo tayo ng lipunan kung saan ang lahat ng mamamayan ng Timog Africa, itim man o puti, ay maglalakad na walang takot sa kanilang mga puso, tiyak ang kanilang karapatan sa pagkakaroon ng dignidad – isang bansang may kapayapaang pansarili at pambansa.

Bilang simbolo ng pagbabago sa ating bansa, ang bagong *Interim Government of National Unity* ay sa panahon ng biglaang pangangailangan, bibigyang-pansin ang isyu ng amnestiya ng mga taong kasalukuyang nakakulong.

Inaalay namin ang araw na ito sa lahat ng mga bayani ng bansang ito at sa iba

pang bahagi ng mundo na nagsakripisyo at isinuko ang kanilang mga buhay upang tayo ay lumaya. Ang kanilang mga pangarap ay naging makatotohanan. Kalayaan ang kanilang handog. Tayo ay may pagpapakumbaba at pagmamalaki sa karangalan at pribelehiyo na ikaw, mamamayan ng Timog Africa ay iginagawad sa atin, bilang unang Pangulo ng nagkakaisa, malaya, walang diskriminasyon ng lahi, at pamahalaang naniniwala sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Nauunawan naming walang madaling daan para sa kalayaan. Batid naming kung nag-iisa ay hindi maaabot ang tagumpay. Kailangan nating kumilos nang sama-sama bilang nagkakaisang mamamayan para sa pambansang pagkakasundo-sundo, para sa pambansang pagkakabuo-buo, para sa pagsilang ng bagong mundo.

Magkaroon nawa ng katarungan para sa lahat.

Magkaroon nawa ng kapayapaan para sa lahat.

Magkaroon nawa ng hanapbuhay, tinapay, tubig, at asin para sa lahat.

Malaman nawa ng bawat isa na ang katawan, ang isip, at ang kaluluwa ay dapat lumaya upang mabigyang kasiyahan ang kanilang mga sarili.

Hindi, hinding-hindi na muling makararanas ang magandang lupaing ito ng kawalang-katarungan at sakripisyo sa kawalang dignidad at kahalagahan ng pagiging katutubo sa mundo

Maghari nawa ang kalayaan.Pagpalain ka ng Diyos, Africa!Salamat.

*- Mula sa http://www.anc.org.za/show.php?id=3132*

**Alam mo ba na…**

Nakatutulong sa pag-unawa ng mensahe ng isang diskurso ang paggamit ng angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag? Mahalaga ang mga ito sa pagkuha ng mga impormasyong nais bigyang linaw. Nagiging mas malinaw ang isang sanaysay/talumpati dahil sa mga tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag. Madaling matukoy sa mga ito ang katotohanan o opinyon. May mga pang-ugnay na nagpapatibay o nagpapatotoo sa isang argumento upang makahikayat. Kabilang dito ang *sa katunayan, ang totoo, bilang patunay,* at iba pa.

Halimbawa:

1. *Sa totoo lang*, maraming magagandang lugar sa Pilipinas na dapat munang pasyalan bago ang ibang bansa.
2. Si Ranidel ay nanalo ng Ulirang Kabataang Award, *bilang patunay,* narito ang kaniyang sertipiko.

Ang **tuwirang pahayag** ay mga pahayag na may pinagbatayan at may ebidensiya kaya't kapani-paniwala.

**Halimbawa:**

1.“Kayo ang Boss ko. Sama-sama tayo sa tuwid na daan,” ang pahayag ng Pangulong Aquino

2. “Ang edukasyon ay pinakamakapangyarihang panangggalang upang mabago ang mundo.” Ang binitiwang mga salita ni Nelson Mandela.

Samantalang ang **di-tuwirang pahayag** ay mga pahayag na bagaman batay sa sariling opinyon ay nakahihikayat naman sa mga tagapakinig o tagapagbasa.
**Halimbawa:**
1.Ayon sa pag-aaral higit na magiging maganda ang kinabukasan ng mga taong nakapag-aral.
2. Ipinahayag ng Pangulong Aquino na tayo ang boss niya kaya sama-sama sa tuwid na daan.

## GAWAIN

### Gawain A

**Panuto**: Sagutin ang mga gabay na tanong.
1. Bigyang kahulugan ang tinutukoy na **kalayaan** ni Nelson Mandela sa kaniyang talumpati. Gaano ito kahalaga sa isang tao, sa isang lahi, at sa isang bansa?
2. Batay sa talumpati, ilarawan ang kalagayan ng mga taga-Timog Africa.
3. Anong mga katangian ni Mandela ang masasalamin sa kaniyang talumpati? Ganito rin ba ang katangiang taglay ng namumuno sa ating bansa? Maglahad ng mga pangyayaring nagpapatunay nito.
4. Kung ikaw ay isa sa mamamayan ng Timog Africa, ano ang iyong magiging damdamin sa talumpati ni Mandela?
5. Sa ano-anong sitwasyon maituturing na hindi malaya ang isang tao, lahi o bansa?

### Gawain B

**Panuto:** Suriin ang mga pangungusap, kung **tuwiran o di-tuwiran** ang pahayag na ginamit.
1. Ayon sa estadistika, mas marami ang bilang ng mga babae kaysa mga lalaking Pilipino.
2. Ang pagtaas ng bilihin ay maaaring maging dahilan upang mas maraming tao ang magutom.
3. Isang katotohanan ang lumabas sa balita na naipasa na ang *Freedom of Information* sa Senado.
4. Walang malaking nakapupuwing kaya't huwag maliitin ang inaakalang maliit na kakayahan ng kapwa.
5. Mayaman ang bansa sa kalikasan. Patunay nito ang magagandang paligid o tanawin na dinarayo ng mga turista.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)

## TANDAAN

Ang talumpati ni Nelson Mandela ay nagpapahayag ng mabisang paraan sa paglalahad ng impormasyon sa kultura ng isang bansa tulad ng Africa. Dito inilahad ang pagnanais ng mga taga-Africa na matamo ang kalayaan, karapatan at katarungan. Nakatutulong ang mga angkop na tuwiran at di- tuwirang pahayag sa paglalahad ng impormasyon sa pamamagitan ng paghahatid ng malinaw na mensahe.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Pumili ng isa sa mga sumusunod na napapanahong isyu, pagkatapos, sumulat ng sanaysay na ginagamitan ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag.

1. Pagkakaraon ng iba't ibang *variant* ng COVID 19
2. Muling pagtaas ng bilang ng may COVID 19
3. Pagtaas ng presyo ng karne ng baboy

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| Mga Krayterya | 5 | 4 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Mahusay ang paglalahad ng ideya sa kabuoan ng isyung napili | Maayos ang paglalahad ng ideya sa kabuoan ng isyung napili | May lohikal na organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang paglalahad ng ideya | Hindi maayos ang organisasyon at paglalahad ng ideya |
| **Gamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag** | Mahusay at angkop na angkop ang pagkakagamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag | May 1-2 ng tuwiran o di-tuwirang pahayag ang hindi maayos at angkop sa pagkakagamit | May 3-4 na tuwiran o di-tuwirang pahayag ang hindi maayos at angkop sa pagkakagamit | Hindi gumamit ng ng tuwiran o di-tuwirang pahayag |

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**GAWAIN A**

**I. Panuto**: Isulat kung ang bawat pahayag ay **Tama** o **Mali**.

______1. Ang sanaysay isang komposisyong nagtataglay ng panlasa at hilig, reaksyon at palagay, saloobin at paniniwala, kalagayan at katauhan, karanasasn at kaalaman ng bawat may-akda.

______2. Ang sanaysay ay isang sangay ng panitikan na tumatalakay sa mga naging karansan ng may-akda sa kaniyang buhay.

______3. Isa sa layunin ng sanaysay ay ang lituhin ang mga mambabasa.

______4. Ang Talumpati ay isang uri ng sanaysay.

______5. Ang **tuwirang pahayag** ay mga pahayag na may pinagbatayan at may ebidensiya kaya't kapani-paniwala.

**II. Panuto:** Suriin ang mga pahayag kung ito ay tuwiran o di-tuwirang pahayag. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

___6. "Ang mga kabataan ay pag-asa ng bayan" ang winika ni Dr. Jose Rizal

___7. "Ang edukasyon ay pinakamakapangyarihang pananggalang upang mabago ang mundo." ang binitiwang mga salita ni Nelson Mandela.

___8." Huwag mong hilingin kung ano ang magagawa ng bayan para sa iyo,kundi kung ano ang magagawa mo sa bayan." dagdag pang pahayag ni Simoun .

___9."Ayon sa tauhan ng El Filibusterismo,habang may sariling wika ang bayan,taglay niya ang kalayaan."

___10. "Batay sa konstitusyon ng 1989: Artikulo XIV,Seksyon 6, ang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino."

**III. Panuto:** Suriin ang damdamin ng mga sumusunod na pahayag. Isulat sa patlang ang **P** kung ang pahayag ay nagpapakita ng positibong damdamin at **N** naman kung ang pahayag ay nagpapakita ng negatibong damdamin.

___11. Hindi ako iniluklok upang pagsilbihan ang interes ng kahit sinong tao, o anomang pangkat, o anumang uri. Pagsisilbihan ko ang bawat isa at hindi ang isa lang.

___12. Ang pagguho ng paniniwala at tiwala sa pamahalaan—iyan ang tunay na suliranin na dapat nating harapin.

___13. Nakita ko kung paano wasakin ng mga ipinagbabawal na gamot ang mga indibidwal at durugin ang mga relasyong pampamilya.

___14. Kinamumuhian ko ang paglilihim at sa halip ay isinusúlong ang transparensi sa lahat ng mga kontrata, proyekto, at transaksiyon sa negosyo mulang pagsusumite ng mga panukala hanggang negosasyon tungo sa perpeksiyon, at sa wakas, sa pagpapatupad.

___15. Bakit ako narito? Narito ako dahil mahal ko ang aking bansa at mahal ko ang mga mamamayan ng Pilipinas. Narito ako. Bakit? Dahil handa na akong simulan ang paglilingkod sa bansa.

## SANGGUNIAN

*Ambat, Vilma C. et. al*…. Vibal Group, Inc.2015, Quezon City. Pah 263-273

*Cabuhat, Ana Maria S. et. al*. Kayumanggi… Ross Publication. Golden City, Imus Cavite. Pah. 20-29

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Unang pagsubok**

Pagsubok
1. c
2.d
3 d
4. d
5. a
6. b
7. b
8. a
9. a
10. c

**Gawain A**

Malayang sagot mula sa mag-aaral

Gawain B.
1. tuwiran
2. di-tuwiran
3. tuwiran
4. di-tuwiran
5 tuwiran

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. *Tama*
2. *Mali*
3. *Mali*
4. *Tama*
5. *Tama*
6. *Tuwiran*
7. *Tuwiran*
8. *Tuwiran*
9. *Di-Tuwiran*
10. *Tuwiran*
11. *N*
12. *P*
13. *N*
14. *N*
15. *P*